# Estratehiya at Motibasyon Sa Pagbasa Sa Kasanayang Pag Unawa Sa Pagbasa Sa Filipino Ng Mga Mag Aaral Sa Senior High School

**Lucille Jayne D. Erie**

Lucille Jayne D. Erie, Senior High School Department, UM Digos College

**Abstract**
Ang mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa ay isang suliranin kinakaharap ng buong bundo. Ang pananaliksik na ito nagsusuri sa ugnayan ng estratehiya at motibasyon sa pagbasa sa kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa sa filipino ng mga mag-aaral sa senior high school. Ito ay gumamit ng deskriptib-korelasyonal na disenyo, na gumamit ng total population sampling na may 330 na mag-aaral. Batay sa resulta ng pag-aaral, mataas ang antas ng estratehiya at motibasyon sa pagbasa, ngunit ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ay frustration o mababang antas. Ang prediktib baryabols ay walang makabuluhang ugnayan sa kriteryon baryabol at may 3.6% na antas ng impluwensya na sumasalungat sa teorya ng Self-Regulated Learning. Iminumungkahi na magsagawa pa ng mga karagdagang pag-aaral gamit ang ibang mga baryabol na hindi nasaklaw sa pananaliksik na ito upang matukoy ang 96.4% baryasyon ng estratehiya at motibasyon ng pagbasa sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa. Kaugnay nito, maaaring ipatupad ang intervention program na naglalayong palakasin ang kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral.

**Keywords:** Estratehiya sa pagbasa, motibasyon sa pagbasa, pag-unawa sa pagbasa, senior high school, Filipino

## 1. INTRODUKSYON

### Ang Suliranin At Kaligiran

Ang mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa buong mundo ay isang suliranin na nangangailangan ng agarang aksyon mula sa mga tagapamahala ng edukasyon (World Bank, 2022). Ang pag-unawa sa pagbasa ay isa sa mga pinakakomplikadong kognitibong gawain na ginagawa ng mga tao, kaya mahirap itong ituro, sukatin, at pag-aralan (Elleman at Oslund, 2019).

Sa pandaigdigang diskusyon, batay sa pag-aaral nina Nanda at Azmy (2020) ang mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa ay itinuturing na isang hamon sa pag-aaral ng maraming mag-aaral ng sekundaryang paaralan sa Indonesia. Dagdag sa ulat ng 2019 National Assessment of Educational Progress (NAEP), ang datos ay nagpakita na halos 34% lamang ng mga estudyante sa ika-apat na baitang ang nakamit ang proficient level, isang malinaw na indikasyon ng kakulangan sa pag-unawa sa pagbasa sa mga mag-aaral sa Estados Unidos (O'Reilly et al., 2019).

Sa Pilipinas naman partikular sa City of Malolos, inilalahad na ang pangunahing suliranin ng mga mag-aaral ay ang mababang antas pag-unawa sa pagbasa, silay ay nagbabasa ngunit nahihirapang maunawaan ang kanilang binasa at hindi nauunawaan ang mga detalye at tiyak na impormasyon kaya nagkakaroon

ng maling interpretasyon (Torres, 2019). Dagdag pa sa pananaliksik nina Caraig at Quimbo (2022) mula isang pribadong paaralan sa Lungsod ng Calamba, ang kasanayan sa pag-unawa sa binasa ay ipinapakita na tanging 7% lamang ng kabuuang mga respondente ang nauri bilang mga mambabasa na nasa mataas na antas at 44% na nasa mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa. Alinsunod sa Programme for International Student Assessment (PISA) noong 2022, pang-anim sa pinakamababa ang Pilipinas sa 81 na bansa sa larangan ng pagbasa at ang mga mag-aaral na Pilipino ay nahuhuli sa aspetong mapanuri at kritikal na pag-iisip na mga pangunahing kasanayan sa pang-unawa sa pagbasa.

Ang mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa ay may malaking hamon sa mga mag-aaral, na nagreresulta sa kahirapan ng mga mag-aaral na matukoy ang mahahalagang detalye mula sa teksto at nagpapahina sa kanilang konsentrasyon habang nagbabasa (Colegado, 2024). Bagaman maraming pag-aaral ang tumutukoy sa mababang antas ng pag-unawa sa pagbasa sa iba't ibang bansa at rehiyon, limitado pa rin ang mga pananaliksik na nakatuon sa lokal na konteksto, partikular sa Lungsod ng Digos, Davao del Sur. Dahil dito, mahalagang suriin ang suliraning ito. Layunin ng kasalukuyang pananaliksik na punan ang puwang na ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa estratehiya at motibasyon sa pagbasa sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa ng mga tekstong Filipino.

**Kahalagahan ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay maaaring maging mahalagang ambag sa SDG 4 - De-kalidad na Edukasyon na naglalayong matiyak ang inklusibo, patas, at de-kalidad na edukasyon para sa lahat. Sa pagsusuri kung paano nakaaapekto ang mga estratehiya at motibasyon sa pagbasa sa kasanayang pag-unawa ng mga mag-aaral, makatutulong ang pag-aaral sa pagpapahusay ng kalidad ng pagtuturo at pagsasanay ng mga guro, alinsunod sa SDG 4.C. Pinatitibay din nito ang SDG 4.A sa pagpapabuti ng kapakanan at propesyonal na pag-unlad ng mga guro, habang tinutugunan ang SDG 4.5 sa pagsusulong ng mas inklusibo at makatarungang edukasyonal na oportunidad. Bukod dito, ang mga natuklasan ay maaaring magsilbing gabay sa paghubog ng mga pandaigdigang pamantayan para sa edukasyon ng guro SDG 4.7, upang matiyak na ang mga tagapagturo ay may sapat na kaalaman at kumpiyansa sa pagpapabuti ng pagkatuto ng mga mag-aaral SDG 4.1 sa buong mundo. Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay nagsisilbing mahalagang hakbang sa pagtataguyod ng mas mataas na kalidad ng edukasyon na nakatuon sa pangmatagalang pag-unlad ng mga guro at mag-aaral.

**Paglalahad ng Suliranin**

Sa pag-aaral na ito, susuriin ang ugnayan sa antas ng estratehiya at motibasyon sa pagbasa sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa senior high school. Bilang pagtitiyak, sinikap ng mananaliksik na malaman ang mga resulta sa mga suliranin.

1. Upang matukoy ang antas ng estratehiya sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school ayon sa: estratehiyang pang-memorya (memory strategy), estratehiyang kognitibo (cognitive strategy), estratehiyang metakognitibo (metacognitive strategy), estratehiyang pandamdamin (affective strategy) at estratehiyang panlipunan (social strategy); upang matukoy ang antas ng motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school ayon sa: pakikilahok sa pagbasa (reading involvement), kuryosidad sa pagbasa (reading curiosity), hamon sa pagbasa (reading challenge), at sosyal na layunin sa pagbasa (social reasons for reading); at upang matukoy ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school ayon sa: literal na pag-unawa, inferensyal na pag-unaw at kritikal na pag-unawa.
2. May makabuluhang ugnayan ba ang estratehiya sa pagbasa, motibasyon sa pagbasa at kasanayang pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa senior high school?

3. Alin sa mga baryabol na estratehiya sa pagbasa at motibasyon sa pagbasa ang higit na nakaimpluwensya sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa senior high school?

**Mga Hipotesis**

Lahat ng naging resulta ay ibabatay sa 0.05 level of significance.

Ho1. Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng estratehiya sa pagbasa, motibasyon sa pagbasa at kasanayang pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa senior high school.


Ho2. Wala sa mga baryabol na estratehiya sa pagbasa at motibasyon sa pagbasa ang nakaimpluwensiya sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa senior high school

**Teoretikal na Balangkas**

Ang pananaliksik na ito ay nakaangkla sa Self-Regulated Learning Theory ni Barry J. Zimmerman na nagbibigay-diin sa aktibong paglahok ng mga mag-aaral sa kanilang proseso ng pagkatuto na nahahati sa tatlong pangunahing bahagi: (forethought phase) motibasyon sa pagbasa, (performance phase) estratehiya sa pagbasa at (self-reflection phase) pag-unawa sa pagbasa.

Ang forethought phase ay tumutukoy sa mga proseso at paniniwalang nagaganap bago simulan ang anumang pagsusumikap sa pagkatuto kabilang dito ang motibasyon ng mga mag-aaral. Sa performance phase, ito ang prosesong nagaganap habang isinasakatuparan ang isang gawain, kinabibilangan ng mga estratehiya na maaaring ilapat sa mga tiyak na aspeto ng isang gawain sa pagkatuto. Isinasaad naman ng self-reflection phase ang mga prosesong nagaganap matapos ang bawat pagsusumikap sa pagkatuto, ang pag-unawa sa pagbasa ay ang resulta ng isang epektibong proseso ng self-regulation (Zimmerman, 2002).

Ang teoryang ito ay naglalayong ipaliwanag kung paano ang mga mag-aaral ay may kakayahang kontrolin at pamahalaan ang kanilang pagkatuto sa pamamagitan ng estratehiya, motibasyon, at pag-unawa sa pagbasa (Oruc & Arslan, 2016).




**Pigura 1. Istruktural na paglalarawan sa pagitan ng mga baryabol**

Makikita sa Pigura 1, ang estratehiya ng pagbasa saklaw nito ang estratehiyang pang-memorya, estratehiyang kognitibo, estratehiyang metakognitibo, estratehiyang pandamdamin at estratehiyang

panlipunan. Tinutukoy nito ang mga teknik na ginagamit ng mag-aaral upang mapabuti ang pag-unawa at pagproseso ng impormasyon mula sa binabasang teksto (Wulandari, 2017).

Motibasyon sa pagbasa tumutukoy ito sa pakikilahok sa pagbasa (reading involvement), kuryosidad sa pagbasa (reading curiosity), hamon sa pagbasa (reading challenge) at sosyal na layunin sa pagbasa (social reasons for reading). Nakatuon ito sa mga salik na nagpapalakas sa kagustuhan ng mag-aaral na magbasa at magsikap na maabot ang kanilang mga layunin sa pagbabasa (Wigfield at Guthrie, 1997).

Pag-unawa sa pagbasa ng tekstong Filipino tumutukoy ito sa tatlong antas ng pag-unawa: literal na pag-unawa, inferensyal na pag-unawa, at kritikal na pag-unawa, na mahalaga sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa senior high school (Aclinen & Olesio, 2023).

## 2. Pamamaraan

Sa bahaging ito ay tinatalakay ang pamamaraan sa pagsasagawa ng pag-aaral. Inilalahad ang disenyo ng pananaliksik, pook ng pananaliksik, kalahok at sampling, instrumento ng pananaliksik, pangangalap ng datos, pagsusuri ng datos

at etikal na konsiderasyon. Ang pananaliksik na ito ay isasagawa gamit ang sarbey na talatanungan para sa mga tagatugon. Sa pamamagitan nito, matutukoy at maiintindihan ang mga suliraning tinalakay sa pag-aaral.

### Disensyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng prediktib deskriptib-korelasyonal na disenyo. Ang disenyo na ito ay angkop dahil naglalayon itong ilarawan, suriin, at tukuyin ang ugnayan ng iba't ibang salik sa pagbasa tulad ng estratehiya, motibasyon, at pag-unawa sa pagbasa (Seeram, 2019). Ang prediktib na disenyo ay nagbibigay-daan upang masuri kung ang estratehiya at motibasyon sa pagbasa ay maaaring maging prediktor o tagapagpahiwatig ng kasanayang pag-unawa sa pagbasa. Ang deskriptib ay naglalayong sukatin ang isang populasyon, sitwasyon, o pheonomenon nang tumpak at sistematiko (McCombes, 2019). Inilalarawan nito ang antas ng estratehiya at motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral, gayundin ang kanilang kasanayang pag-unawa sa pagbasa (Siedlecki, 2020). Samantala, ang korelasyonal na disenyo ay magsisilbing instrumento upang masuri ang ugnayan na umiiral sa pagitan ng dalawa o higit pang mga baryabol sa isang grupo, na maaaring mangyari sa iba't ibang antas (Devi et al., 2023). Sinusuri dito kung ang mga salik na ito ay may positibo, negatibo, o walang kaugnayan sa isa't isa (Panda, 2022)

### Pook ng Pananaliksik

Ang pook ng pananaliksik ay isinagawa sa isa sa mga pribadong paaralan sa Lungsod ng Digos, Davao del Sur. Ang pagpili ng pook na ito ay may layuning mapunan ang kakulangan ng mga lokal na datos na maaaring magamit ng mga guro at mananaliksik upang mapabuti ang mga estratehiya sa pagtuturo ng pagbasa, partikular na sa larangan ng kasanayang pag-unawa sa pagbasa sa Filipino. Bukod dito, ang paaralang ito ay kilala sa kahusayan ng mga guro at mag-aaral nito, kaya't ito ay itinuturing na isang mahalagang lugar para sa ganitong uri ng akademikong pagsusuri. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito, inaasahang makatutulong sa pagpapalawak ng mga kaalaman at pamamaraan na magpapaangat sa kalidad ng pagtuturo at pagkatuto sa Filipino, at magsisilbing gabay sa iba pang mga paaralan sa rehiyon.

### Kalahok at Sampling

Ang mga kalahok sa pananaliksik na ito ay lahat ng mag-aaral mula sa senior high school sa isang pribadong paaralan sa Digos City, Davaol del Sur taong panuruan 2024-2025. Ang mga mag-aaral ay pinili gamit ang total population sampling, na may 145 mag-aaral mula sa baitang 11 at 185 mula sa baitang 12 na may kabuoang bilang ng tagatugon na 330, ito ay isang pamamaraan kung saan lahat ng miyembro ng target na populasyon ay kasama sa pag-aaral (Taherdoost, 2016). Sa ganitong paraan, masisiguro na ang bawat kalahok ay may pantay na pagkakataon na mapili, at maipapakita ang kabuuang representasyon ng populasyon (Etikan at Bala, 2017). Dagdag pa ni Taherdoost, ang total population sampling ay angkop sa mga sitwasyong mayroong maliit at populasyong madaling pamahalaan. Ang pamamaraang ito ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pagsusuri ng bawat aspeto ng interes, at nagiging mas mapagkakatiwalaan ang resulta ng pag-aaral dahil sa pagkakaroon ng buong representasyon ng populasyon.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang mananaliksik ay gumamit ng pinaunlad na talatanungan ni Neneng Wulandari na may pamagat na “Students’ Strategies In Reading Skill: A Survey Study At Eight Grade Students Of Smpn 21 Mataram In Academic” noong 2017. Upang matiyak ang bisa ng instrumento, isinailalim ito sa validation ng mga eksperto sa edukasyon at wika. Pagkatapos ng pagsusuri, isinagawa ang pilot testing upang masuri ang reliability at validity bago gamitin sa pag-aaral.

Ang unang bahagi ng talatanungan ay sumukat sa antas ng estratehiya ng pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school na may limang magkakaibang tagapagpahiwatig: estratehiyang pang-memorya (memory strategy), estratehiyang kognitibo (cognitive strategy), estratehiyang metakognitibo (metacognitive strategy), estratehiyang pandamdamin (affective strategy) at estratehiyang panlipunan (social strategy). Gumamit ng 5-point Likert scale para sa buong survey. Ang rating na 1 ay nangangahulugang "lubos na hindi sumasang-ayon," na siyang pinakamababang deskriptibong sagot. Sa kabilang banda, ang rating na 5 ay nangangahulugang "lubos na sumasang-ayon," na siyang pinakamalinaw na paraan upang ilarawan ito.

Estratehiya sa Pagbasa

| **Lawak ng Mean** | **Deskriptib Lebel** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|
| 4.20-5.00 | Napakataas | Ang estratehiya sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school ay napakahusay. |
| 3.40 – 4.19 | Mataas | Ang estratehiya sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school ay mahusay. |
| 2.60 – 3.39 | Katamtaman | Ang estratehiya sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school ay mabuti. |
| 1.80-2.59 | Mababa | Ang estratehiya sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school ay mahina. |
| 1.00-1.79 | Napakababa | Ang estratehiya sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school ay napakahina. |

Bukod dito, ang ikalawang bahagi ay gumamit ng pinaunlad na talatanungan na binuo nina Dr. Allan Wigfield and Dr. John Guthrie noong 1997 na may pamagat na “Relations Of Children's Motivation for Reading to the Amount and Breadth or their Reading” para sukatin ang antas ng motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school na kinabibilangan ng tatlong tagapagpahiwatig: pakikilahok sa

pagbasa, kuryosidad sa pagbasa, hamon sa pagbasa, sosyal na layunin sa pagbasa at paligsahan sa pagbasa. Sa 5-point Likert Scale na ginamit sa sarbey, ang 1 ay nangangahulugang "lubos na hindi sumasang-ayon," na siyang pinakamababang deskriptibong sagot. Sa kabilang banda, ang rating na 5 ay nangangahulugang "lubos na sumasang-ayon". Ito ay inilalarawan sa talahanayang ipinakita sa ibaba.
Motibasyon sa Pagbasa

| **Lawak ng Mean** | **Deskriptib Lebel** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|
| 4.21-5.00 | Napakataas | Ang motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school ay napakahusay. |
| 3.41-4.20 | Mataas | Ang motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school ay mahusay. |
| 2.61-3.40 | Katamtaman | Ang motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school ay mabuti. |
| 1.81-2.60 | Mababa | Ang motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school ay di-gaanong mahusay. |
| 1.00-1.80 | Napakababa | Ang motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school ay napakahina. |

Para sa huling bahagi, gumamit ang mananaliksik ng isang inangkop at pinaunlad na talatanungan mula sa pananaliksik na "Antas ng Kasanayan sa Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral" nina Zuzzette Menchu Aclinen at Marilyn Olesio noong 2023. Narito ang talahanayan na ginamit upang maunawaan ang antas ng pag-unawa sa pagbasa hango sa Phil-IRI, na kinabibilangan ng tatlong tagapagpahiwatig: literal na pag-unawa, inferensyal na pag-unawa at kritikal na pag-unawa.
Pag-unawa sa Pagbasa

| **Lawak ng Mean** | **Antas ng Pagbasa** | **Deskriptib Lebel** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|---|
| 90-100% ang tamang sagot. | Independent | Mataas | Ang pag-unawa sa pagbasa ay napakahusay. |
| 75 – 89% ang tamang sagot. | Instructional | Katamtaman | Ang pag-unawa sa pagbasa ay mahusay. |
| Mababa sa 75% ang tamang sagot. | Frustration | Mababa | Ang pag-unawa sa pagbasa ay hindi mahusay. |

**Hakbang sa Paglikom ng Datos**

Ang mga hakbang na inilahad sa ibaba ay ang mga hakbang na sinunod ng mananaliksik upang makakuha ng datos mula sa mga kalahok. Bago isinagawa ang pangangalap ng datos, humingi muna ng

pahintulot o pagpayag ang mananaliksik mula sa Society for Integrity and Legal Ethics (SMILE) ng paaralan upang masiguro na tama at angkop ang mga hakbang na isasagawa. Bago rin isinagawa ang pangangalap ng datos, kumuha muna ang mananaliksik ng isang sertipiko mula sa HCDC-SMILE na nagpapahintulot sa pagsasagawa ng pangangalap ng datos.

Pagpapatunay at Pangangasiwa ng Instrumento. Bago ipamahagi ang survey questionnaire at comprehension test sa mga kalahok, ang mga ito ay sumailalim sa isang pilot testing upang masiguro ang kanilang reliability at validity. Ayon kina Aithal at Aithal (2020), ang pilot testing ay mahalaga sa mga pag-aaral na gumagamit ng survey questionnaire upang maayos ang anumang posibleng isyu sa mga tanong at masiguro ang kalinawan at kaugnayan ng bawat item sa layunin ng pananaliksik. Matapos ang pilot testing, ang mga instrumento ay muling binalik sa mga eksperto upang maitama ang mga mali at gawing mas akma para sa aktwal na pangangalap ng datos.

Kahilingan para sa Etikal na Pag-apruba upang Isagawa ang Pag-aaral. Humingi ng pormal na pahintulot ang mananaliksik mula sa mga namamahala sa bawat paaralan bago simulan ang aktwal na pag-aaral. Ayon kay Bryman (2016), mahalaga ang prosesong ito upang matiyak na naaayon sa mga alituntuning etikal ang bawat hakbang ng pananaliksik, lalo na sa pagkakaroon ng pakikitungo sa mga kalahok mula sa sensitibong populasyon tulad ng mga mag-aaral. Ipinaliwanag sa kanila ang mga hakbang na isasagawa, ang layunin ng pag-aaral, at kung paano poprotektahan ang mga datos na makakalap.

Pagkuha ng Informed Consent at Pagsang-ayon sa Research Administration. Bilang bahagi ng pagtalima sa etikal na mga prinsipyo, ang mga kalahok sa pag-aaral ay binigyan ng informed consent, ayon kay Kaiser (2009), mahalaga ang informed consent sa pagprotekta sa mga karapatan ng mga kalahok at upang mapanatili ang integridad ng proseso ng pananaliksik. Ang assent form naman para sa mga menor de edad ay ipinamahagi rin upang masigurong nauunawaan ng mga mag-aaral ang kanilang papel sa pananaliksik (Greaney et al., 2012).

Collation at Organisasyon ng Datos. Matapos makolekta ang mga datos, ito ay inorganisa gamit ang statistical software tulad ng SPSS (Statistical Package for the Social Sciences), na madalas gamitin sa pagsusuri ng ugnayan ng mga baryabol sa larangan ng edukasyon (Pallant, 2016). Ayon kay Field (2013), ang tamang pagsusuri ng datos ay mahalaga upang matukoy ang mga trend at makagawa ng tamang konklusyon. Isinagawa ang pagsusuri ng Pearson correlation upang tukuyin ang relasyon ng estratehiya sa pagbasa, motibasyon sa pagbasa at pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school.

**Pagsusuri ng Datos**

Ang pagsusuri ng datos sa kwantitatibong pananaliksik ay isang sistematikong proseso ng pagsusuri ng mga bilang o numerikal na datos upang makabuo ng mga makatotohanang konklusyon. Sa ganitong uri ng pananaliksik, gumamit ang mananaliksik ng mga estadistikal na pamamaraan tulad ng deskriptibong estadistika at inferensiyal na estadistika upang suriin at tukuyin ang mga ugnayan, pagkakaiba, at mga pattern sa loob ng datos.

Mean. Ito ay ginamit upang makuha ang pangkalahatang antas ng estratehiya sa pagbasa, motibasyon sa pagbasa at pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa senior high school.

Pearson r. Ito ay ginamit upang makita kung mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng estratehiya sa pagbasa, motibasyon sa pagbasa at pag-unawa sa pagbasa sa Filipino ng mga mag-aaral sa senior high school.

Multiple Regression Analysis. Ito ay ginamit upang tuklasin kung alin sa mga indikeytor ng estratehiya sa pagbasa at motibasyon sa pagbasa ang makabuluhang impluwensya sa pag-unawa sa pagbasa.

Measuring the strength of the correlation. Sa pagsusukat ng lakas ng ugnayan, ginamit ng mananaliksik na ito ang pamantayang iskema. Para sa r-value, ang sumusunod na iskema ang ginamit:

| Computed r | Deskriptibong Interpretasyon |
|---|---|
| +/-1.00 | Perpektong Kaugnayan |
| Between +/-0.75 - +/-0.99 | Mataas na Kaugnayan |
| Between +/-0.51 - +/-0.74 | Katamtamang mataas na ugnayan |
| Between +/-0.31 - +/-0.50 | Katamtamang mababang ugnayan |
| Between +/-0.01 - +/-0.30 | Mababang Kaugnayan |
| 0.00 | Walang Kaugnayan |

Measuring the statistical significance. Sa pagsukat ng statistikal na kahalagahan ng mga resulta, ginamit ang antas ng kahalagahan na 0.05. Ipinapakita nito na kung $p>0.05$, ang mga resulta ay bihirang mangyari ng higit sa 5%. Nangangahulugan ito na tinatanggihan ang null hypothesis, kaya't ang mga resulta ay may statistikal na kahalagahan. Sa kabilang banda, kung $p<0.05$, ang mga resulta ay madalas mangyari ng higit sa 5%. Nangangahulugan ito na tinatanggap ang null hypothesis, kaya't ang mga resulta ay walang statistikal na kahalagahan.

**Etikal na Konsiderasyon**

Sa bahaging ito ay tinalakay ang mga etikal na konsiderasyon at mga gabay na sinunod, maging ang mga pamantayang isinasaalang-alang ng mananaliksik sa buong panahon ng pagsasagawa ng pag-aaral. Mahalaga ang etikal na konsiderasyon sa pananaliksik upang masigurong tapat at may respeto sa lahat, kabilang na ang mga kalahok, mananaliksik, at maging ang lipunan sa kabuuan. Alinsunod dito, sinunod ng mananaliksik ang etikal na gabay na itinakda ng Philippine Health Research Ethics Board (PHREB, 2017). Sinunod din ng mananaliksik ang siyam na hakbang ng etikal na konsiderasyon na nakaayon sa layunin ng PHREB at HCDC-SMILE. Partikular na tinalakay sa pag-aaral na ito ang siyam (9) na elemento ng etika sa pananaliksik, kabilang ang kahalagahang panlipunan, pagbatid ng pahintulot, banta, benepisyo at kaligtasan, pagkapribado at pagkakumpidensiyal ng impormasyon, hustisya, aninaw, kwalipikasyon ng mananaliksik, kasapatan ng pasilidad, at pakikilahok sa komunidad. Tiniyak ng mananaliksik na mapangangalagaan ang dignidad at karapatan ng mga kalahok.

## 3. Resulta

Inilalahad sa kabanatang ito ang mga natuklasan ng pag-aaral batay sa mga nakalap na datos. Kabilang dito ang deskriptibong pagsusuri, korelasyonal na pagsusuri ng ugnayan, impluwensya ng mga prediktib baryabol sa kriteriyong baryabol at ang buod ng mga natuklasan.

**Deskriptibong Pagsusuri**

Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang deskriptibong pagsusuri ng mga datos. Kabilang dito ang mga baryabol ng pag-aaral; Estratehiya sa Pagbasa, Motibasyon sa Pagbasa at Pag-unawa sa Pagbasa, kasama rin dito ang mga indikeytor, kabuoang bilang ng populasyon, standard deviation, mean at deskripsyon.

Talahanayan 1. Deskriptibong Talahanayan

| Baryabols | N | SD | Mean | Deskripsyon |
|---|---|---|---|---|
| **Estratehiya Sa Pagbasa** | **330** | **0.45** | **3.76** | **Mataas** |
| Estratehiyang Pang-Memorya | | 0.51 | 3.85 | Mataas |
| Estratehiyang Kognitibo | | 0.52 | 3.66 | Mataas |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Estratehiyang Metakognitibo | | 0.56 | 3.83 | Mataas |
| Estratehiyang Pandamdamin | | 0.63 | 3.62 | Mataas |
| Estratehiyang Panlipunan | | 0.65 | 3.83 | Mataas |
| **Motibasyon Sa Pagbasa** | **330** | **0.53** | **3.68** | **Mataas** |
| Pakikilahok Sa Pagbasa | | 0.68 | 4.01 | Mataas |
| Kuryosidad Sa Pagbasa | | 0.59 | 4.04 | Mataas |
| Hamon Sa Pagbasa | | 0.70 | 3.67 | Mataas |
| Sosyal Na Layunin Sa Pagbasa | | 0.81 | 3.01 | Katamtaman |
| **Pag-unawa sa Pagbasa** | **330** | **12.82** | **62.08** | **Frustration** |
| Literal Na Pag-Unawa | | 16.38 | 84.91 | Instructional |
| Inferensyal Na Pag-Unawa | | 17.78 | 48.21 | Frustration |
| Kritikal Na Pag-Unawa | | 18.78 | 53.12 | Frustration |

Matutunghayan sa talahanayan 1 ang resulta ng antas ng estratehiya sa pagbasa na may mean na 3.76 at standard deviation na 0.45 ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng estratehiya sa pagbasa, ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may mahusay na paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagbasa. Lahat ng indikeytor ay nakakuha ng mataas na antas ng estratehiya sa pagbasa, nagsasaad na mahusay itong ginagamit ng mga mag-aaral sa pagbasa upang maalala at mapanatili ang impormasyon.

Ipinapakita naman sa resulta ng motibasyon ng pagbasa na may kabuoang mean na 3.68 at standard deviation na 0.53 ay nagpapakita na ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng motibasyon sa pagbasa, na nagpapahiwatig ng mahusay na paggamit ng motibasyon na maaaring makatulong sa kanilang mas epektibong pag-unawa sa mga binabasa nilang teksto. Sa apat na indikeytor; kuryosidad sa pagbasa, pakikilahok sa pagbasa at hamon sa pagbasa ay nakakuha ng mataas na antas ng motibasyon sa pagbasa na nangangahulugang ang mga mag-aaral ay may mahusay na interes at pagkagiliw sa pagbabasa upang matuto ng bagong kaalaman. Samantala, ang sosyal na layunin sa pagbasa ay nakakuha ng katamtamang antas na nagsasaad na ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pagbasa ay mabuti.

Ang kabuoang naitala na mean percentage sa pag-unawa sa pagbasa 62.08 at standard deviation na 12.82, may deskriptibong interpretasyon na frustration o mababa, na nangangahulugang ang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral hindi mahusay. Sa tatlong kategorya ng pag-unawa sa pagbasa, ang literal na pag-unawa ang may pinakamataas na mean percentage na 84.91, na nasa antas ng instructional, na nagpapakita na mahusay ang antas ng pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Samantala, ang kritikal na pag-unawa at inferensyal na pag-unawa nasa parehong antas ng frustration, na nangangahulugan na hindi mahusay o hirap ang mga mag-aaral sa pag-unawa sa pagbasa.

**Ugnayang Pagsusuri**

Makikita sa Talahanayan 2 ng mga resulta ng pagsusuri tungkol sa makabuluhang ugnayan sa pagitan ng estratehiya sa pagbasa, motibasyon sa pagbasa, at kasanayang pag-unawa sa pagbasa. Kasama rin dito ang r-value, p-value, desisyon ng null haypotesis at interpretasyon.

Talahanayan 2. Pagsusuri ng Ugnayan

| | **Kasanayang Pag-unawa Sa Pagbasa** | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **r** | **p-value** | **Desisyon** | **Interpretasyon** |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **Estratehiya Sa Pagbasa** | -0.105 | 0.058 | Tinanggap | Walang Makabuluhang Ugnayan |
| **Motibasyon Sa Pagbasa** | 0.042 | 0.444 | Tinanggap | Walang Makabuluhang Ugnayan |

Batay sa datos, ipinapakita ang ugnayan sa pagitan ng estratehiya sa pagbasa at kasanayang pag-unawa sa pagbasa na may p-value na 0.058, na mas mataas sa 0.05 na antas ng kahalagahan. Dahil dito, tinanggap ang null hypothesis. Ipinapakita nito na ang ugnayan sa pagitan ng estratehiya sa pagbasa at pag-unawa sa pagbasa ay walang makabuluhang ugnayan. Gayundin, ang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay nagkaroon ng r-value na -0.105, na nagpapahiwatig ng mababang ugnayan at ang negatibong r-value ay nagpapahiwatig ng bahagyang hindi magandang relasyon sa pagitan ng dalawang baryabol.

Bukod pa rito, ipinapakita rin na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng motibasyon sa pagbasa at kasanayang pag-unawa sa pagbasa na may p-value na 0.444, na mas mataas sa 0.05 na antas ng kahalagahan. Dahil dito, tinanggap ang null hypothesis. Ipinapakita nito na ang ugnayan sa pagitan ng ng motibasyon sa pagbasa at kasanayang pag-unawa sa pagbasa ay walang makabuluhang ugnayan. Gayundin, ang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol ay nagkaroon ng r-value na 0.042, na nagpapahiwatig ng mababang ugnayan.

**Regresyon na Pagsusuri**

Makikita sa Talahanayan 3 ang resulta ng regresyon. Nakapaloob dito ang prediktib baryabols,
Estratehiya sa Pagbasa at Motibasyon sa Pagbasa habang ang kriteryon baryabol ay ang Pag-unawa sa Pagbasa. Ipinapakita ng talahanayan ang mga beta coefficient, t-value, p-value, desisyon sa null haypotesis at interpretasyon.

Talahanayan 3. Regresyon Table

| **Prediktib baryabols** | **Pag unawa sa Pagbasa** | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | **Beta Coefficient** | **t-value** | **p-value** | **Decision on Ho** | **Interpretation** |
| Constant | 0.705 | 87.996 | <0.001 | | |
| Estratehiya sa Pagbasa | 2.126 | -3.406 | < .001 | Rejected | Significant |
| Motibasyon sa Pagbasa | 1.831 | 2.914 | 0.004 | Rejected | Significant |

**r =.190, $r^2$ = .036, F-ratio = 6.104, p-value = 0.003**

Ipinapakita sa Table 3 na ang estratehiya sa pagbasa ay nakakuha ng beta coefficient na 2.126. Ipinapakita nito na ang estratehiya sa pagbasa ay may 2.12% na antas ng impluwensya sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa. Nakakuha rin ito ng p-value na .001, na mas mababa sa 0.05 na antas ng kumpiyansa. Dahil dito, tinatanggihan ang null hypothesis, na nangangahulugang habang mas ginagamit na estratehiya sa pagbasa ng mga mag-aaral, mas tumataas ang kanilang pag-unawa sa binabasa. Ipinapahiwatig nito na ang 2.12% na antas ng impluwensya ng estratehiya sa pagbasa at kasanayang pag-unawa sa pagbasa ay mahalaga.

Samantala, ang motibasyon sa pagbasa ay ay nakakuha ng beta coefficient na 1.831. Ipinapakita nito na ang motibasyon sa pagbasa ay may 1.83% na antas ng impluwensya sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa. Nakakuha rin ito ng p-value na 0.004, na mas mababa sa 0.05 na antas ng kumpiyansa. Dahil dito, tinatanggihan ang null hypothesis, na nagpapahiwatig na habang tumataas ang motibasyon ng mag-aaral sa pagbasa, ay mas gumaganda rin ang kanilang kakayahang umunawa ng teksto. Ipinapahiwatig nito na ang 1.83% na antas ng impluwensya ng motibasyon sa pagbasa at kasanyang pag-unawa sa pagbasa ay mahalaga.

Ang mga prediktib baryabol ay nakakuha ng r-squared value na .036, na nangangahulugang may 3.6% na pinagsamang antas ng impluwensya sa estratehiya sa pagbasa at motibasyon sa pagbasa. Dahil nakakuha sila ng p-value na 0.003 na mas mababa sa 0.05 na antas ng kumpiyansa, ipinapakita nito na ang kanilang pinagsamang impluwensya ay mahalaga.

**Buod ng mga Natuklasan**

**Ang mga natuklasan ng pag-aaral ay ang mga sumusunod:**

a. Ang estratehiya sa pagbasa at motibasyon sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school ay mahusay. samantala, ang pag-unawa sa pagbasa ay hindi mahusay.
b. Ang estratehiya sa pagbasa at motibasyon sa pagbasa ay walang makabuluhang ugnayan sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa sa filipino ng mga mag-aaral sa senior high school.
c. Ang estratehiya sa pagbasa at motibasyon sa pagbasa ay may makabuluhang impluwensiya sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral sa senior high school. Gayunpaman, ang pinagsama-samang antas ng impluwensiya ng mga prediktors (3.6%) ay may makabuluhang impluwensya sa kriteryon baryabol.

## 4. Discussion

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng diskusyon ng mga natuklasan sa pag-aaral at tatalakayin gamit ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral upang masuri ang ugnayan ng paggamit ng iba't ibang estratehiya at antas ng motibasyon sa pagbasa sa pag-unawa ng mga mag-aaral sa kanilang binabasa, konklusyon at rekomendasyon nito.

**Estratehiya sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa SHS**

Ang estratehiya sa pagbasa ay tumutukoy sa mga pamamaraan at teknik na ginagamit ng isang mambabasa upang mapadali at mapahusay ang kanyang pag-unawa sa binabasa. Ang resulta ng pag-aaral na mataas na antas ng paggamit ng estratehiya sa pagbasa ay sumusuporta sa pag-aaral ni Valdez (2022), kung saan ipinakita na ang mga mag-aaral na gumamit ng kognitibo at metakognitibong estratehiya ay nagpakita ng mas mataas na antas ng pag-unawa sa binasa. Dagdag naman ni Wulandari (2019), ang estratehiyang pang-memorya na kinabibilangan ng pagbuo ng mental na koneksyon, paggamit ng larawan at tunog, masusing pagrerepaso, at pagsasagawa ng kilos ay napatunayang may pinakamataas na mean, na nagpapakita ng kahalagahan nito sa pagpapadali ng pag-alala ng impormasyon.

Ang mga resulta ng pag-aaral ay naaayon din sa isinagawang pag-aaral nina Muhid et al., (2020), na nagsasaad na ang estratehiyang metakognitibo ay may mahalagang papel sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral, na nagbubukas ng posibilidad na mapahusay ang kanilang kasanayan, na maaaring humantong sa mas mataas na marka sa pagsusulit sa pagbasa. Kaugnay nito, binigyang-diin ni Balkaya (2023) na ang estratehiyang panlipunan ay nakatutulong sa pagpapadali ng pagkatuto sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan at komunikasyon.

Samantala, ang estratehiyang kognitibo ay ginagamit ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagsusuri at pagbubuod ng impormasyon sa kanilang binasa (Liu, 2010), habang ang estratehiyang pandamdamin naman ay may mahalagang papel sa pagpapalakas ng motibasyon ng mga mag-aaral, pagbabawas ng kaba, at pagkontrol ng kanilang emosyonal na estado (Sison, 2022). Dagdag pa rito, alinsunod sa pag-aaral nina Martin et al., (2021), ang mas madalas na paggamit ng mga estratehiya sa pagbasa ay may positibong epekto sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Ito ay dahil sa pagpapalakas ng kanilang metakognitibong kasanayan, na tumutulong sa mas malalim na pagproseso ng impormasyon at pagpapahusay ng kanilang pang-akademikong kakayahan.

Sa kabuuan, bagaman mataas ang antas ng paggamit ng estratehiya sa pagbasa, kinakailangan pa rin ng masusing paglinang sa inferensyal at kritikal na pag-unawa upang mapahusay ang kabuuang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

**Motibasyon sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa SHS**

Ang motibasyon sa pagbasa ay isang mahalagang salik na nagtutulak sa mga mag-aaral na magkaroon ng interes at masigasig na unawain ang kanyang binabasa. Kapag ang isang mag-aaral ay may mataas na motibasyon, mas nagiging madali at makabuluhan para sa kanya ang proseso ng pag-unawa at pagsusuri ng mga teksto. Alinsunod sa pag-aaral nina Herpratiwi at Tohir (2022), maaaring mapataas ang motibasyon ng mga mag-aaral sa pagbasa sa pamamagitan ng masigasig na pagsisikap at pagbibigay ng sapat na atensyon sa pagpapalakas ng kanilang interes at disiplina sa pag-aaral. Taliwas sa isinaad nina Abaigar et al., (2024) isa sa mga pangunahing dahilan ng mababang pag-unawa sa pagbasa ay ang kawalan ng interes o mababang motibasyon ng mga mag-aaral. Kaugnay nito, ipinakita sa pag-aaral nina Alharbi et al., (2021) na ang paggamit ng makabagong kagamitan ay maaaring makatulong sa pagpapataas ng interes at motibasyon ng mga mag-aaral sa pagbabasa.

Iminungkahi ni Cheng (2023) na ang kuryosidad ay isang likas na motibasyon na nagtutulak sa isang tao na tuklasin ang bagong impormasyon o kaalaman, na nagpapakita ng kanyang hilig sa pagtuklas ng hindi tiyak na mga bagay. Dagdag pa rito, ipinapakita ng mga naunang pag-aaral na may positibong ugnayan ang pagiging mausisa ng isang indibidwal sa kanyang akademikong tagumpay. Ang mga resulta ng pag-aaral ay naaayon din sa isinaad nina Munuas et al., (2022) na mahalaga na ang mga mag-aaral ay aktibong makilahok at magkaroon ng tiwala sa kanilang kakayahang hikayatin ang sarili upang mapalakas ang kanilang interes sa pagbabasa. Ang mahusay na pakikilahok ay isang mahalagang salik na sumasalamin sa antas ng kanilang aktibong paglahok, na maaaring humantong sa mas mataas na motibasyon sa pagbabasa. Samantala, ipinapakita sa pag-aaral nina Gedik at Akyol (2022) na maaaring umunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral kung matutugunan ang mga pangunahing suliranin tulad ng kakulangan sa motibasyon, kahinaan sa pag-unawa, at limitadong bokabularyo.

**Pag-unawa sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa SHS**

Ang pagbasa ay isa sa limang makrong kasanayan sa wika na kailangang paunlarin ng isang mag-aaral upang mapahusay ang kanyang pagkatuto at pag-unawa sa iba't ibang aralin. Mahalaga ito sapagkat ito ang pundasyon ng epektibong komunikasyon, kritikal na pag-iisip, at patuloy na pagkatuto sa iba’t ibang larangan. Ito ay nagpapatibay sa pag-aaral ni nina Aclinen at Olesio (2023) na nagsasaad na lumitaw na ang mababang antas ng kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral ay naimpluwensyahan ng epekto ng pandemya. Sinusuportahan ito ng pananaliksik ni Perez (2019) kung saan natuklasan sa isinagawang sarbey na may mataas na kasanayan ang mga mag-aaral sa pagsagot ng mga tanong sa antas literal, ngunit maaaring kulang sa mas mataas na antas ng pag-unawa.

Samantala, ayon kay Gloria (2021), ang kritikal na antas ng pagbasa ay tumutukoy sa kakayahan ng mambabasa na subaybayan ang sariling pag-unawa, suriin ang bisa ng awtor, at magsagawa ng malayang pangangatwiran batay sa sariling interpretasyon. Taliwas naman ito sa natuklasan nina Emralino at Carada (2021), kung saan ipinakita ang katamtaman hanggang mataas na antas ng pag-unawang inferensyal ng mga mag-aaral. Bagaman may ganitong pagkakaiba, lumilitaw pa rin na nagagawa ng mga mag-aaral na makabuo ng tamang desisyon batay sa kanilang binasa, na maaaring hinubog ng kanilang mga pagpapahalagang natutunan mula sa pagbabasa.

Ayon kina Gotmare at Potey (2022), ang pag-unawa sa pagbasa ay hindi lamang simpleng kakayahang bumasa at umintindi ng teksto, kundi pati na rin ang kakayahang sumagot sa mga tanong batay sa binasa. Binibigyang-diin nila na ito ay isang hamon para sa utak, sapagkat nangangailangan ito ng malalim na kaalaman sa natural na wika at pag-unawa sa mas malawak na konteksto. Dagdag pa rito, ipinakita sa pananaliksik nina Espia at Cortezano (2022) na maraming mag-aaral ang nakararanas ng kahirapan sa pag-unawa ng kanilang binabasa, na pangunahing sanhi ng kakulangan sa kasanayan sa pagbasa. Dahil dito, kinakailangang bigyang-pansin ang mga estratehiya at interbensyon na maaaring makatulong sa pagpapabuti ng kanilang kakayahan sa pag-unawa.

Ayon sa ulat ng EDCOM II, tinatayang 18 milyong Filipino na nagtapos ng high school ay maaaring ituring na functionally illiterate. Ipinapakita ng mga resulta mula sa Functional Literacy, Education, and Mass Media Survey (FLEMMS) na marami sa mga kabataang ito ay hindi pa rin nakakamit ang kinakailangang kasanayan sa pagbasa at pagsusuri ng teksto, kahit na sila ay nakapagtapos na ng junior o senior high school.

**Diskusyon sa Korelasyunal na Resulta**

Batay sa kabuoang resulta ng pananaliksik, natuklasan na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng paggamit ng estratehiya sa pagbasa, motibasyon sa pagbasa, at kasanayan sa pag-unawa sa binasa ng mga mag-aaral sa senior high school. Ang kinalabasang ito ay sumasalungat sa Self-Regulation Theory ni Zimmerman (2002) na nagsasaad na nagpapaliwanag na ang epektibong paggamit ng mga estratehiya at mataas na antas ng motibasyon ay nakatutulong sa mas mahusay na pagkatuto, kabilang ang pag-unawa sa binabasa. Dagdag pa rito, hindi rin tumutugma ang resulta sa natuklasan nina Manurung et al. (2024), na nagsasaad na ang paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagbasa ay may makabuluhang impluwensiya sa antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Katulad din ng resulta sa pag-aaral nina Sun et al. (2021), na nagsiwalat na ang mga mag-aaral na gumagamit ng maraming uri ng estratehiya sa pagbasa ay nagpapakita ng mas mataas na pagganap sa mga pagsusulit sa pag-unawa sa binasa.

**Diskusyon sa Regresyon na Pagsusuri**

Ang resulta ng regresyon ay nagpapakita na ang estratehiya sa pagbasa ay may makabuluhang impluwensya sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na habang mas epektibo ang ginagamit na estratehiya sa pagbasa, mas tumataas ang kanilang pag-unawa sa binabasa. Sumusuporta sa pahayag na ito ang pag-aaral nina Li et al. (2022), na nagpapakita na ang paggamit ng estratehiya sa pagbasa ay nakakatulong upang mapataas ang kasanayan sa pag-unawa sa pagbasa. Alinsunod dito, ang ginawang interaktibong e-book nina Day et al. (2025) na nagtuturo ng mga estratehiya tulad ng pagkatuto ng bokabularyo at pagsubaybay sa pag-unawa, ay nagpakita ng makabuluhang pagtaas sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-unawa sa binasa sa pamamagitan ng paggamit ng mga estratehiyang ito.

Gayundin, ang motibasyon sa pagbasa ay may makabuluhang impluwensya sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral, na nagpapahiwatig na habang tumataas ang motibasyon ng mag-aaral sa pagbasa, mas

gumaganda rin ang kanilang kakayahang umunawa ng teksto. Ipinapakita sa mga resulta ng pag-aaral nina Kheang et al. (2024) na ang mga mag-aaral na may mas mataas na antas ng motibasyon ay nagpakita ng mas malaking pag-unlad sa pag-unawa sa pagbasa kumpara sa mga mag-aaral na may mababang motibasyon. Sa ganitong paraan, nagiging malinaw na ang motibasyon ay may makabuluhang epekto sa pag-unawa sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang motibasyon ay isa sa mga pangunahing salik na tumutulong sa pagpapabuti ng pagganap at pag-unawa sa pagbasa ng mag-aaral (Ahmadi, 2017).

**Conclusion**

Batay sa resulta ng pag-aaral, natuklasan na ang estratehiya at motibasyon sa pagbasa ay walang makabuluhang ugnayan sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa. Ito ay sumasalungat sa Self-Regulated Learning Theory na nagbibigay-diin sa aktibong paglahok ng mga mag-aaral sa kanilang proseso ng pagkatuto na nahahati sa tatlong pangunahing bahagi: (forethought phase) motibasyon sa pagbasa, (performance phase) estratehiya sa pagbasa at (self-reflection phase) pag-unawa sa pagbasa.

**Recommendation**

Batay sa mga konklusyon, inirerekomenda na magsagawa pa ng mga karagdagang pag-aaral gamit ang ibang mga baryabol na hindi nasaklaw sa pananaliksik na ito upang matukoy ang 96.4% baryasyon ng estratehiya at motibasyon ng pagbasa sa kasanayang pag-unawa sa pagbasa. Sa institusyong pang-edukasyon, mahalaga ang pagpapatupad ng mga angkop na interbensiyon, gaya ng remediation at enrichment reading programs, upang matugunan ang partikular na pangangailangan ng mga mag-aaral sa pagbasa. Bukod dito, pinauunlad din nito ang kanilang kasanayan sa wika at kritikal na pag-iisip, dahil hinihikayat silang magbasa ng iba't ibang akda o teksto na nagpapalawak ng kanilang bokabularyo at kasanayan sa paggamit ng wika.

Dagdag pa dito, mahalagang isagawa ang mga pagsasanay para sa mga guro upang mapalakas ang kanilang kakayahan sa pagtuturo ng inferensyal at kritikal na pag-unawa sa pagbasa. Mahusay ding isama sa pagtuturo ang mga context-based reading materials na nagtatampok ng lokal at makabuluhang babasahin upang mas madaling maiugnay ng mga mag-aaral ang kanilang binabasa sa tunay na buhay. Sa pamamagitan ng mga mungkahing ito, higit na mapapalakas ang kalidad ng edukasyon at masusuportahan ang layunin ng Sustainable Development Goal 4 (SDG 4) – De-kalidad na Edukasyon ng United Nations, na naglalayong magbigay ng mas inklusibo at patas na sistema ng pagkatuto para sa lahat.

**References**

1. Abaigar, B. R., Galit, G. C., & Balderian, A. L. (2024). Eksploratoring Pagsusuri saKakayahan at Salik na Nakaaapekto sa Komprehensiyon sa Pagbasa sa Filipino.Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 2(6), 1788–1813.https://doi.org/10.5281/zenodo.12216681
2. Aclinen, Zuzzette & Olesio, Marilyn. (2023). Antas Ng Kasanayan Sa Pag-Unawa Sa Pagbasa Ng Mga Mag-Aaral Sa Grade 8. Cognizance Journal Of Multidisciplinary Studies. 3. 319-345. 10.47760/Cognizance.2023.V03i12.024.
3. Aithal, A., & Aithal, P. S. (2020). Development and validation of survey questionnaire & experimental data–a systematical review-based statistical approach. International Journal of Management, Technology, and Social Sciences (IJMTS), 5(2), 233-251.
4. Alabidi, S., Owais, A., Alabidi, F., & Taani, O. (2022). Exploring the Role of Reflective Diaries as a Formative Assessment Strategy in Promoting Self-Regulated Learning among ESL Students. Practical Assessment, Research & Evaluation, 27, 19.

5. Alharbi, K., Cristea, A. I., Shi, L., Tymms, P., & Brown, C. (2021). Agent-Based Classroom Environment Simulation: The Effect of Disruptive Schoolchildren's Behaviour Versus Teacher Control over Neighbours. Lecture Notes in Computer Science (pp. 48–53). doi:10.1007/978-3-030-78270-2_8
6. Almagro, R. E., Flores, L. C., Amora, M. V., & Bauyot, M. M. (2024). Implementation Practices of Reading Programs in Elementary Education in Davao De Oro: A Multiple Case Study. International Journal of Research and Innovation in Social Science, 8(1), 779-794.
7. Ahmadi, M. R. (2017). The impact of motivation on reading comprehension. International Journal of Research in English Education, 2(1), 1-7.
8. Balkaya, Ş. (2023). Social strategies in language learning for promoting speaking skills. Research on Education and Psychology, 7(Special Issue 2), 494-513.
9. Blackmore, C., Vitali, J., Ainscough, L., Langfield, T., & Colthorpe, K. (2021). A Review of Self-Regulated Learning and Self-Efficacy: The Key to Tertiary Transition in Science, Technology, Engineering and Mathematics (STEM). International Journal of Higher Education, 10(3), 169-177.
10. Brenner, C.A.(2022). Self-regulated learning, self-determination theory and teacher candidates' development of competency-based teaching practices. Smart Learn. Environ. 9, 3 https://doi.org/10.1186/s40561-021-00184-5
11. Bryman, A. (2016). Social Research Methods (5th ed.). Oxford University Press.
12. Caraig, R., & Quimbo, M. A. (2022). Assessing reading comprehension difficulties in core science subjects of senior high school students in a private school in Calamba City, Philippines: Assessing reading comprehension difficulties. International Journal of Curriculum and Instruction, 14(3), 1983-2010.
13. Cheng, K. H. (2023). An epistemic curiosity-evoking model for immersive virtual reality narrative reading: User experience and the interaction among epistemic curiosity, transportation, and attit ude inal learning. Computers & Education, 201, 104814.
14. Colegado, L. R. (2024). Reading Difficulties and Cognitive Development of Junior High School Learners. Nexus International Journal of Science and Education, 1(1).
15. Day, S. L., Hwang, J. K., Arner, T., McNamara, D. S., & Connor, C. M. (2025). Choose Your Own Adventure: Interactive E-Books to Improve Word Knowledge and Comprehension Skills. Journal of Computer Assisted Learning, 41(2), e70023.
16. Devi, Barkha & Lepcha, Mrs & Basnet, Shakeela. (2023). APPLICATION OF CORRELATIONAL RESEARCH DESIGN IN NURSING AND MEDICAL RESEARCH. Xi'an Shiyou Daxue Xuebao (Ziran Kexue Ban)/Journal of Xi'an Shiyou University. 65. 60-69. 10.17605/OSF.IO/YRZ68.
17. Elleman, A. M., & Oslund, E. L. (2019). Reading Comprehension Research: Implications for Practice and Policy. Policy Insights from the Behavioral and Brain Sciences, 6(1), 3-11.
18. Emralino, H. P., & Carada, I. G. (2021). Ilustrasyong Glosaryo ng mga Salitang Nakapaloob sa Ilang Piling Panitikang Pandaigdigan Bilang Kagamitang Panturo at Antas ng Pag-Unawa sa Pagbasa. American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR), 5(7), 271-279.
19. Espia, E. B. A., & Cortezano, G. P. (2022). Reading comprehension and academic performance in English among grade seven learners. Asia Pacific Journal of Advanced Education and Technology. https://doi.org/10.54476/apjaet/09498
20. Etikan, I., & Bala, K. (2017). Sampling and Sampling Methods. Biometrics & Biostatistics International Journal, 5 (6), 215–217.
21. Field, A. (2013). Discovering Statistics Using IBM SPSS Statistics (4th ed.). SAGE Publications.
22. Gedik, O., & Akyol, H. (2022). Reading Difficulty and Development of fluent reading Skills: an Action Research. International Journal of Progressive Education, 18(1),22–41. https://doi.org/10.29329/ijpe.2022.426.2
23. Gloria, A. R. (2021). Paglinang ng mga estratehiya sa pagtuturo ng wikang Filipino sa panahon ng pandemya. Research gate https://www. researchgate.

net/publication/353443547_Paglinang_ng_mga_Estratehiya_sa_Pagtuturo_ng_Wikang_Filipino_sa_Panahon_ng_Pandemya.
24. Gotmare, P. S., & Potey, M. M. (2022). Review of Parameters, Approaches and Challenges in Reading Comprehension Systems. ICT Systems and Sustainability: Proceedings of ICT4SD 2022, 775-786. https://doi.org/10.1007/978-981-19-5221-0_72
25. Greaney, A.M., Sheehy, A., Heffernan, C., Murphy, J., & Kingston, L. (2012). Research Consent among Minors: Ethical and Practical Considerations. Journal of Nursing Ethics, 19(1), 79-87. https://doi.org/10.1177/0969733011413493
26. Hacker, D. J., & Bol, L. (2019). Calibration and self-regulated learning: Making the connections.
27. Herpratiwi & Tohir, A. (2022). Learning interest and discipline on learning motivation. International Journal of Education in Mathematics, Science, and Technology (IJEMST), 10(2), 424-435. https://doi.org/10.46328/ijemst.2290
28. Kaiser, K. (2009). Protecting Respondent Confidentiality in Qualitative Research. Qualitative Health Research, 19(11), 1632-1641. https://doi.org/10.1177/1049732309350879
29. Khasawneh, M. A. S., & Al-Rub, M. O. A. (2020). Development of reading comprehension skills among the students of learning disabilities. Universal Journal of Educational Research, 8(11), 5335-5341.
30. Kheang, Thavy & Chin, Pisith & Em, Sereyrath. (2024). Reading Motivation to Promote Students' Reading Comprehension: A Review. International Journal of Languages and Culture. 4. 1-8. 10.51483/IJLC.4.1.2024.1-8.
31. Li, H., Gan, Z., Leung, S. O., & An, Z. (2022). The impact of reading strategy instruction on reading comprehension, strategy use, motivation, and self-efficacy in Chinese university EFL students. Sage Open, 12(1), 21582440221086659.
32. Liu, J. (2010). Language learning strategies and its training model. International ducation studies, 3(3), 100-104.
33. Manuas, M. J., Tatipang, D. P., Pratasik, G., & Manado, N. (2022). Reading motivation of tenth grade students at sma advent unklab airmadidi. Journal of English Culture, Language, Literature and Education, 10(1), 226-238.
34. Martin Jr, N., Ventayen, R. J. M., & Retuerne, R. (2021). Metacognition in the senior high school in one national high school in the Philippines. TESOL International Journal, 16(4.4).
35. McCombes, S. (2019). Descriptive Research | Definition, Types, Methods & Example Retrieved.https://www.scribbr.com/methodology/descriptive-research/
36. Muhid, A., Amalia, E. R., Hilaliyah, H., Budiana, N., & Wajdi, M. B. N. (2020). The Effect of Metacognitive Strategies Implementation on Students' Reading Comprehension Achievement. International Journal of Instruction, 13(2), 847-862.
37. Nanda, D. W., & Azmy, K. (2020). Poor reading comprehension issue in EFL classroom among Indonesian secondary school students: Scrutinizing the causes, impacts and possible solutions. Englisia: Journal of Language, Education, and Humanities, 8(1), 12-24.
38. O'Reilly, T., Sands, A., Wang, Z., Dreier, K., & Sabatini, J. (2019). Curbing America's Reading Crisis: A Call to Action for Our Children. Policy Report. ETS Center for Research on Human Capital and Education.
39. Oruç, A., & Arslan, A. (2016). The Impact of Self-Regulated Learning on Reading Comprehension and Attitude towards Turkish Course and Metacognitive Thinking. Educational Research and Reviews, 11(8), 523-529.
40. Panda, I. (2022). Descriptive correlational design in research.
41. Perez, H.R (2019). Pagpapaunlad sa kakayahan sa maunawang pagbasa ng mga mag-aaral sa grade 8 sa pamamagitan ng estratehiyang sama-samang pagkatuto, Hinango sa https://depedro1.com/wpcontent/uploads/2019/02/ Herbert-Perez.pdf
42. Pallant, J. (2016). SPSS Survival Manual: A Step by Step Guide to Data Analysis sing IBM SPSS (6th ed.). McGraw-Hill Education.

43. Seeram, E. (2019). An overview of correlational research. Radiologic technology, 91(2), 176-179.
44. Siedlecki, S. L. (2020). Understanding descriptive research designs and methods. Clinical Nurse Specialist, 34(1), 8-12.
45. Sison, N. R. M. (2022). Affective strategies in teaching and learning English as a Second Language (ESL). International Research Journal of Science, Technology, Education, and Management, 2(2), 79-90.
46. Taherdoost, H. (2016). Sampling methods in research methodology; how to choose a sampling technique for research. International journal of academic research in management (IJARM), 5.
47. Taherdoost, H. (2016). Validity and Reliability of the Research Instrument; How to Test the Validation of a Questionnaire/Survey in a Research. International Journal of Academic Research in Management, 5(3), 28-36.
48. Torres, R. C. (2019). Factors affecting the reading comprehension of intermediate level learners: Basis for an intervention program. International Journal of Academic Multidisciplinary Research, 1-7.
49. Valdez, Jose. (2022). Super Six Comprehension Strategy sa Pagpapaunlad ng Kakayahang Komprehensiyon sa Pagbasa. Asia Pacific Journal of Management. 10. 27-31.
50. Wigfield, A., & Guthrie, J. T. (1997). Relations of children's motivation for reading to the amount and breadth or their reading. Journal of educational psychology, 89(3), 420.
51. World Bank. (2022). The State of Global Learning Poverty: 2021 Update. Washington, DC: World Bank.
52. Wulandari, N. (2017). Students'strategies In Reading Skill: A Survey Study At Eight Grade Students Of Smpn 21 Mataram In Academic (Doctoral Dissertation, University Of Mataram).
53. Zimmerman, B. J. (2002). Becoming a self-regulated learner: An overview. Theory into practice, 41(2), 64-70.